

Ako ay Nakumpletong Napabakunahan, Ano na Ngayon?

Ang nakumpletong napabakunahan ay nangangahulugan na ang iyong katawan ay bumuo ng proteksyon pagkataos ng bakuna, ay maaaring umabot sa 14 na araw o higit pa pagkatapos ng iyong huling dose ng COVID-19 na bakuna. SMakikita sa ibaba ang ilang mga karaniwang mga katanungan at sagot pagkatapos ng COVID-19 na bakuna.

Kailangan ko ba magsuot ng mask at umiwas sa malapitang pakikisalamuha sa iba kung nakuha ko lahat ang tiyak na mga dose ng bakuna?

Oo. Habang ang mga magagamit na COVID-19 na bakuna ay nagpakita na ito ay napaka-epektibo sa pag-iwas ng malubhang at/o symptomatic na COVID-19, may kasalukuyang limitadong impormasyon kung gaano mapapababa ang paglipat o gaano katagal ang proteksyon ng bakuna. Pinag-aaralan pa rin natin ang tungkol sa [virus variants](#). Lahat ay dapat patuloy na gamtin ang mga kagamitan upang makatulong sa pagbagal ng pagkalat habang ibinabahagi ang COVID-19 na bakuna.

Gaano nagtatagal ang proteksyon mula sa COVID-19 na bakuna?

Dahan-dahan na bumubuo ng proteksyon ang iyong katawan pagkatapos ng anumang pagpapabakuna. Ito ay aabot ng 14 na araw pagkatapos ng iyong huling dose upang buong maprotektahan. Base sa magagamit na data, ang COVID-19 na bakuna ay nagbibigay ng malakas na proteksyon nang hanggang sa tatlong buwan, kasama ang mga malubhang sakit kung ikaw ay nagkasakit. Kukumpirmahin ng mga pananaliksik sa panhon kung gaano nagtatagal ang bakuna, at ang karagdagang mga dose ay kinakailangan sa hinaharap upang mapaigting ang proteksyon.

Anong mga aktibidad ang mas ligtas na gawin pagkatapos na ako ay mapabakunahan?

Ang pinakaligtas na mga aksyon para sa iyo na gawin ngayon ay ang mga pinapayagan na nasa ilalim ng [Estado](#) at [lokal](#) na patnubay ng pampublikong kalusugan. Kahit na ang iyong panganib sa pagbuo ng COVID-19 ay nabawasan, ang mga tao sa iyong paligid ay hindi napabakunahan at nasa panganib pa rin. Dagdag dito, pinag-aaraan ang tungkol sa virus variants at gaano kabisa na lumaban ang bakuna dito. Ang layunin ay maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 para sa sinuman at Maging ligtas sa COVID.

Ang aking mga kaibigan at pamilya ay nakumpletong napabakunahan. Kailangan pa bang sundin ang patnubay sa COVID-19?

Ayon sa [Centers for Disease Control and Prevention](#) (CDC), ang mga tao na nakumpleto ang pagbakuna ay maaaring bumisita sa ibang taong nakumpletong napabakunahan sa loob at bumisita ng hindi napabakunahan na mga tao sa isang sambahayan na may mababang panganib sa malubhang sakit ng COVID-19 na walang ginagamit na mask o pisikal na pagdistansiya. Maaari ka ring umiwas mula sa quarantine at pagsusuri kasunod ng kilalang pagkalantad na asymptomatic.

Ano ang aming inaasahan kapag ipinagpatuloy ang Be COVIDSafe pagkatapos ng pagpapabakuna?

Habang ipinagpatuloy ang Be COVIDSafe, makikita natin ang pagbaba ng mga kaso ng COVID-19, ICUs, ospitalisasyon, pagsiklab, at kamatayan. Kung ang mga pagbaba na ito ay patuloy sa tamang direksyon, mas maraming mga negosyo at mga lokasyon ay magbubukas, mas maraming pamilya ay maaaring magsama nang harapan, at mas maraming mga indibidwal ang maaaring lumakbay na walang stress at limitasyon sa pandaigdigang pandemiko. Ang mga bagay ay maaaring hindi bumalik sa dating rotina bago ang COVID-19, ngunit ang pagdating ng mga bakuna sa COVID-19 ay naghahandog ng mas mabting paraan na umusad.



**Ikaw ba ay handa na bumalik sa mga tao at gawain na iyong nais?
Umaksyon at hikayatin ang iba na magpabakuna ngayon.**

Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19 na bakuna, bumisita sa:

coronavirus-sd.com/vaccine

